

NSW Health Factsheet - Filipino

Ang Pagkakaugnay ng TB at HIV

The connection between TB and HIV

Ito ay isang katunayang –pahina tungkol sa Tuberkulosis o TB at ang Human Immunodeficiency Virus (HIV), ang mikrobyong pinagmumulan ng Acquired Immune Deficiency Syndrome (AIDS). Ang mga taong may HIV ay madaling nahahawaan din ng mga iba pang sakit. Isa na dito ang TB. Kung kayo ay napag-alamang may TB o HIV, itong katunayang–pahina ay para sa iyo.

Sa tinatantiyang 40 milyong kataong nabubuhay na may HIV o AIDS, mga 13 milyon nito ang mayroon ding TB. Ang maagang pagkatuklas ay mahalaga kung kayo ay may HIV at ganoon din sa TB, kaya maaaring pagsabayin ang gamutan ng HIV at TB. Kung ang dalawang impeksyong ito ay hindi maipapagamot, maaari magkatulungan itong maghasik ng mga malalang pagkakasakit.

SEKSIYON 1: TUBERKULOSIS (TB)

Ano ang TB?

Ang TB ay epekto ng isang bakterya (mikrobyo). Ito ay sakit na nakakaapekto sa baga ngunit maaari ring makaapekto sa ibang mga parte ng katawan, kagaya ng utak, mga bato at gulugod. Ang TB ay maaaring aktibo o nagtatago (natutulog) sa katawan. Kung hindi gagamutin, ang aktibong TB ay maaaring maging sanhi ng mga malalang problema sa kalusugan, o sa tuluyang pagkamatay.

Paano kumakalat ang TB?

Ang bakterya (mikrobyo) ng TB ay kumakalat ng tao sa tao kapag ang taong may aktibong TB ay umubo, tumawa, humatsing o kumanta. Sinumang taong nasa malapit dito ay maaaring makasagap ng mga bakterya at mahahawaan ng TB. Ang TB ay HINDI nakakahawa dahil sa pakikigamit ng mga kagamitan sa bahay, tasa, pinggan o sa laway kapag nakikipaghalikan.

Ano ang mga sintomas ng aktibong TB?

Ang mga taong may aktibong TB ay kadalasang:

<ul style="list-style-type: none"> • nakakaramdam ng paghihina o may sakit, • madaling pamamayag • inuubo (paminsan-minsang may dugo) at may kirot sa dibdib 	<ul style="list-style-type: none"> • may lagnat, at • pinapawisan sa gabi • ngunit minsan maaaring wala itong mga sintomas
---	---

Ano ang kaibahan ng aktibong TB at ang nagtatago na TB?

Ang mga taong may aktibong TB ay maysakit dahil sa kadami ng mga aktibong mikrobyong TB nasa kanilang katawan. Ang mga taong may nagtatago na TB ay may mga mikrobyo ring magiging sanhi ng aktibong TB, ngunit hindi nagkakasakit dahil ang mikrobyo ay nagtatago pa sa loob ng kanilang katawan. Kadalasan, sila ay nakasagap na ng bakterya ng TB noong nakaraan. Ang mga taong may nagtatagong TB ay maaaring magkaroon ng aktibong TB sa hinaharap, lalo na kung sila ay mayroon ding HIV.

<p>Kung kayo ay may aktibong TB, nangangahulugang kayo ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • May aktibong bakterya ng TB sa inyong katawan • May sakit at maaaring may mga sintomas na katulad ng pag-ubo, lagnat, pamamayay, pagkapagod at mga pagpapawis sa gabi. • Maaaring makasalin ng bakteryang TB sa ibang tao • Maaaring uminom ng mga gamot upang malunasan ang sakit 	<p>Kung kayo ay may nagtatago na TB, ibig sabihin nito na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • May bakterya kayo ng TB ngunit hindi ito aktibo • Hindi kayo nagkakasakit • Hindi ninyo mahahawaan ng TB ang ibang tao • Maaaring uminom ng mga gamot upang maiwasang magkaroon ng aktibong TB sa hinaharap
---	--

SEKSIYONG 2: HUMAN IMMUNODEFICIENCY VIRUS (HIV)

Ano ang HIV?

Ang HIV ay isang mikrobyo na nakapagdudulot ng AIDS. Ang HIV ay umaatake sa sistema ng pananggalang-sa-sakit ng katawan. Kung kayo ay nahawaan na ng HIV, masasabing kayo ay positibong may HIV (HIV-positive). Ibig sabihin nito na ang HIV ay pumasok na sa daluyan ng inyong dugo.

Paano naisasalin ang HIV?

Ang HIV ay naroroon sa mga likido ng katawan katulad ng dugo, tamud, semilya ng puke at gatas sa suso. Ang pagkakaimpeksyon sa HIV ay mangyayari lamang kung ang isa o mga likido mula sa impektadong tao ay pumasok sa daluyan ng dugo ng ibang tao.

Ang HIV ay naisasalin sa mga sumusunod na paraan:

- Ang pakikipagseks na walang kondom (di-lichtas na seks)
- Pakikigamit sa karayom, hiringgilya at iba pang ginagamit sa pang-iniksiyon ng gamot.
- Ang ina sa kanyang anak habang dinadalantao, isinisilang o pinapasuso ito
- Sa pagsasalin ng dugo (blood transfusion) at/o mga produkto sa dugo (mula 1985 ang mga produkto sa dugo sa Australya ay sinasala laban sa HIV)

Ang HIV ay HINDI naisasalin mula sa pag-ubo, paghalik, paghatsing, pagdura, pag-iyak, pakikibahagi sa mga gamit sa pagkain, gamit sa pagtulog, kubeta, paliguan o anumang uri ng pisikal na pakikipag-ugnayan.

Ano ang mga sintomas ng HIV?

Hindi ninyo malalaman kung ang isang tao ay may HIV sa itsura nito. Karamihan sa mga taong may HIV ay mukhang malusog at walang mga sintomas. Maaaring bibilang ng ilang taon bago mapansin ang mga sintomas at maraming tao ang mismong hindi nakakaalam na sila pala ay may HIV.

Ano ang pagkakaiba ng HIV at AIDs

Ang HIV ay lumulusob sa sistema ng pananggalang (immunity) ng katawan. Kung hindi nalulunasan, ang HIV ay naninira sa sa sistema ng pananggalang para hindi na ito kayang labanan ang mga pangkaraniwang impeksyon kaya ang tao ay nasa panganib na madaling magkasakit at mamatay. Itong kondisyon ay tinatawag na AIDS – Acquired Immune Deficiency Syndrome.

<p>Kung kayo ay may HIV, ito ay nangangahulugang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kayo ay may mikrobyong nagiging sanhi ng AIDS • Maaring walang kayong mga sintomas • Maaari kayong malulunasan
--

SEKSIYON 3: TB at HIV – ANG PAGPAPASURI AT PAGPAPATINGIN

Ang HIV ay nagpapahina sa sistema ng pananggalang pangkalusugan -“nagbubukas ito ng pintuan para sa iba pang mga impeksyon” – kaya, kung kayo ay may HIV at nagtatago na TB, kayo ay maaring magkaroon ng aktibong TB. Kung hindi malunasan ang dalawang impeksyong ito, maaari silang magsabwatang maghasik ng grabeng sakit.

Bakit kinakailangang magpasuri sa TB kung mayroon na akong HIV?

Kung kayo ay may HIV, mahalagang malaman kung may nagtatago na TB rin kayo dahil ang nagtatago na TB ay maaring tuluyang maging isang aktibong TB sa mga taong may HIV. Kung kayo ay may nagtatago na TB at HIV, maaari kayong makapagpagamot.

Bakit kinakailangang magpasuri sa HIV kung ako ay mayroon nang aktibong TB?

Kung kayo ay may aktibong TB, mahalagang malaman ninyo kung mayroon din kayong HIV dahil ang mga taong may aktibong TB ay kadalasang mayroon ding HIV. Importanteng magpasuri kung kayo ay may HIV at ganoon din kung may aktibong TB, upang magkaroon ng tamang pagpapagamot.

Ano ang mga pagsusuri sa TB na kinakailangan kong gawin?

Tatlong pagsusuri sa TB ang kadalasang ginagawa saan mang klinika sa dibdib sa NSW. Ito ay:

- Ang Tuberculin Skin Test (TST), kilala rin bilang Mantoux test
- Isang x-ray sa dibdib
- Isang pagsusuri sa dura (sputum)

Ang mga pagsusuring ito ay nakatatuklas kung kayo ay may TB noon (nakatagong TB) o kasalukuyang may aktibong TB. Ang desisyon tungkol sa alinmang pagsusuri ang kinakailangan ay gagawin ng klinika sa dibdib.

Ano ang mga pagsusuri sa HIV na kinakailangan kong gawin?

Ang pagpapasuri ng dugo para sa HIV ay maaaring gawin sa alin mang klinika sa pangkalusugang sekswal sa NSW o sa inyong doktor.

Magkano ang bayad?

Lahat ng mga pagpapasuri sa TB na gagawin sa mga klinika sa dibdib sa NSW ay WALANG BAYAD. Maaaring kinakailangang humingi ng pakikipagtipan upang pumunta sa isang klinika sa dibdib ngunit hindi kinakailangan ang kard ng Medicare.

Ang pagsusuri sa HIV ay WALANG BAYAD sa mga klinika sa pangkalusugang sekswal sa NSW at hindi kinakailangan kard ng Medicare. Maaari ring gawin ito sa klinika ng inyong doktor ngunit kailangan nito ang kard ng Medicare.

SEKSIYON 4: TB at HIV – ANG MGA PANLUNAS

Mga panlunas sa TB

Ang aktibong TB ay maaaring gamutin sa mga taong may HIV. Ang aktibong TB ay nagagamot sa pamamagitan ng mga pinagsamang antibayotiko nang di-kukulangin sa 6 na buwan. Babantayan kayo ng isang nars habang umiinom ng gamot sa TB upang makita kung may masamang epekto at matiyak na kumpleto ang proseso ng inyong paggagamot.

Ang nagtatago na TB sa mga taong mayroon ding HIV ay ginagamot sa pamamagitan ng isang hanay ng mga antibayotiko ng 6 na buwan upang mahadlangang maging aktibong TB ito.

Mga panlunas sa HIV

Sa kasalukuyan, walang panlunas sa HIV at AIDS, ngunit maraming gamot ang nagawa na upang labanan sa HIV at mapabagal ang pagsalanta ng mikrobyo sa sistemang pangkalusugan ng katawan. Sa pamamagitan ng mga gamot, karamihan sa mga taong may HIV ay patuloy na maganda ang pakiramdam at nananatiling mamuhay nang malusog, aktibo at masaya.

Magkano ang bayad?

Lahat ng paggamot sa TB ay WALANG BAYAD. Hindi kinakailangan ang kard ng Medicare.

Ang paggamot sa HIV ay maidudulot sa maliit na halaga sa lahat ng tao na may kard ng Medicare.

SEKSIYON 5: IBA PANG IMPORMASYON

Nakakaapekto ba ang pagkakaroon ko ng HIV o TB sa katayuan ko sa imigrasyon?

TB:

Ang pagkakaroon ng nagtatago o aktibong TB ay hindi makakaapekto sa inyong katayuan sa imigrasyon sa Australya.

HIV:

Kung kayo ay isang permanenteng residente, ang pagkakaroon ng HIV ay hindi rin makakaapekto sa inyong katayuan sa imigrasyon. Ngunit lahat ng mga aplikante para sa permanenteng paninirahan sa Australya ay kinakailangang makapasa sa pagsusuri sa kalusugan na kinabibilangan ng HIV at x-ray sa dibdib. Masalimuot ang mga batas at regulasyon sa pagiging isang permanenteng residente. Kaya, mahalagang kumuha ng pagpapayong panglegal sa isang kwalipikadong ahente ng migrasyon.

Pagkakompidensiyal

Ang ibig sabihin ng pagkakompidensyal ay anumang impormasyon tungkol sa iyo na nasa pag-iingat ng isang serbisyong pangkalusugan ay pribado at hindi ito maaaring ibigay sa iba kung wala kayong pahintulot. Sa Australya, labag sa batas na pag-uusapan ng isang tagapagdulot ng pag-aalagan pangkalusugan ang inyong pribadong impormasyon sa iba.

Paggamit ng mga Tagasalinwika (Interpreters)

Maaari kayong magkagamit ng interpreter sa pakikipag-usap sa mga kawani ng pangkalusugan o iba pang serbisyo. Katulad ng lahat na nagtatrabaho sa pangkalusugan, ang mga interpreter ay KAILANGANG pangalagaan ang inyong pagkakompidensyal.

Sa pamamagitan ng paggamit ng isang interpreter, maaari ninyong:

- Maintindihan ang lahat na mga tagubilin para sa inyo
- Nakakatiyak na lahat ng inyong sasabihin ay maiintindihan
- Makapagtanong at makakakuha ng mga kasagutan
- Naiintindihan ninyo at makapagbigay ng permiso sa mga pagsusuri at paggamot

May mga interpreter sa telepono (TIS) na maaaring gamitin saan mang lugar sa Australya. Tawagan ang 131 450 (sa bayad ng lokal na tawag) at kayo ay ikokonekta sa serbisyong gusto ninyong makausap at kasali ang isang interpreter sa telepono.

ANG MGA SERBISYONG MAARING MAKATULONG:

Mga Klinika sa Dibdib

Para sa pinakamalapit sa inyong klinika sa dibdib, puntahan ang:
www.health.nsw.gov.au/publichealth/infectious/tb/pdf/chest_clinics/pdf

Mga Klinika sa Pangkalusugang Sekswal

Para sa pinakamalapit na klinika sa pangkalusugang sekswal, tingnan ang hanay ng 'S' sa libro ng teleponong White Pages - O tawagan ang Sexual Health Info line sa 1800 451 624

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa HIV sa inyong wika, puntahan ang:

Multicultural HIV/AIDS and Hepatitis C Service (Pangmaramihang-kulturang Serbisyo sa HIV/AIDS at Hepatitis C) www.multiculturalhivhepc.net.au

Para sa mga detalyadong impormasyon tungkol sa TB sa inyong wika, puntahan ang:

Multicultural Health Communication Service (Pangmaramihang kulturang Serbisyo sa Komunikasyong Pangkalusugan www.mhcs.nsw.gov.au

Kagawarang Pangkalusugan ng NSW (NSW Health Department)

www.health.nsw.gov.au/PublicHealth/Infectious/TB/index.asp